**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN... NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-15 NG DISYEMBRE, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco............... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas.............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo A. Ramirez............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............... | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.......... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 253-T'97

**KAPASIYAHANG INILALAAN ANG HALAGANG LABING PITONG LIBONG PISO (P17,000.00) BILANG KALOOB-TULONG SA LABING PITONG (17) DAY CARE WORKERS SA BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T,** may kahilingan ang Pambayang Pinuno sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad na mapagkalooban ang 17 Day Care Workers sa bayang ito ng tig-iisang Libong Piso bilang insentibo sa pagganap sa kanilang mga tungkulin;

**SAPAGKA'T,** may patunay ang Budget Officer II na ang pagkukunan ng naturang halaga ay magmumula sa pondo sa Program Services ng Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, Louie C. de Leon, Celestino D. Pamatmat Bernardo E. Ison at Heidi S. Ciriaco at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN :** Na pagtibayin ang sumusunod na :

## KAUTUSAN SA PAGLALAAN NG PONDO BLG. 19-T'97

**INIUUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSIYON 1** - Ilaan ang halagang P17,000.00 mula sa Program Services ng Tanggapan ng Panlipunang Paglilingkod at Pagpapaunlad upang magsilbing kaloob-tulong sa may 17 Day Care Workers na tumatanggap lamang ng honorarium, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSIYON 2** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na bigyan ng kapangyarihan ang Punong Bayan, Ingat Yaman at Pambayang Pinuno sa Badyet upang makapagsagawa ng kaukulang pamamaraan sa paglalaan ng pondong nabanggit, ayon sa palakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pananalapi,

(Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 253-T'97)

2

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingatyaman at Pambayang tagatuos, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahan at kautusang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan